Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF DAGUPAN CITY

DepEd SDO Dagupan City
RECORDS OFFICE
RELEASED
AUG 02 2024
By: Time:

**Office of the Schools Division Superintendent**

Hulyo 31, 2024

**KALATAS PANSANGAY**
Blg.: 291, s. 2024

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA PAMBANSA 2024**

Para kay: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Hepe, CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Punong-Guro, Elementarya at Sekundarya
Mga Guro

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2024 ay ipinagdiriwang sa Agosto 1-31, 2024 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Kaugnay ng pagdariwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ipinapatupad ng KWF Kapasiyahan ng Kapuluan Blg. 08-02 Serye 2024 na nagtatakda ng temang "FILIPINO; WIKANG MAPAGPALAYA" naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng nasabing pagdiriwang ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahaok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa at;
   e. Maipakilala sa mga mamaamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mg wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika niyo.

**Address:** Burgos St., Poblacion Oeste, Dagupan City
**Telephone:** (075) 653-4101
**Website:** depeddagupan.com
**email:** dagupan.city@deped.gov.ph

4. Makikita sa memorandum na ito ang mga suhestiyong gawain na hinati-hinati sa limang lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang.

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 1 – 3 | Filipino Sign Language (FSL) tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran |
| Agosto 5 -10 | Sistamtiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa pambansang Kaunlaran |
| Agosto 12-17 | Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research |
| Agosto 19-23 | Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa |
| Agosto 26-31 | Paglaban sa Misinformation (fact Checking) |

5. Ang mga mungkahing pangklasrum na gawain na maaaring isagawa ng bawat paaralan ay ang sumusunod

   A. Para sa Elementarya
      a. Iispel Mo!
      b. Muling Pagkukuwento
      c. Pagsasagawa ng Pagbasa

   B. Para sa Sekondarya
      a. Pagsulat sa sumusunod batay sa paksang "Ang Panitikan at kapayayapaan
         1) Pagsulat ng sanaysay
         2) Pagsulat ng Tula
         3) Pagsulat ng Maikling Kuwento
         4) Pagsulat ng Kuwentong Pambata

6. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na Gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No. 9, s. 20025 (Instituting Measures to Increase Engage Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi ito makaaabala ng regular na Klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 (Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities) kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.



SDO DAGUPAN CITY

7. Bawat paaralan ay hinihiling na magsusumite ng kanilang ulat para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024 sa katapusan ng huling linggo ng Agosto, 2024.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROWENA C. BANZON EdD, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala



**Address:** Burgos St., Poblacion Oeste, Dagupan City
**Telephone:** (075) 653-4101
**Website:** depeddagupan.com
**email:** dagupan.city@deped.gov.ph

SDO DAGUPAN CITY